## APPLICATION

- Patay ka na ba sa kasalanan at namumuhay na para kay Kristo? Papaano ka makakapamuhay kay Kristo araw-araw? Ano ang magagawa mo upang yumabong ang iyong pang-unawa sa ginawa ni Kristo para sa iyo ngayong linggo?
- Papaano ka magiging alipin sa katuwiran? Saan ka nahihirapang humindi? Sino ang makakatulong sa iyong manalangin upang malampasan ito?
- Sino ang mahihikayat mo at magagabayan ngayong linggo na mamuhay ayon sa pagkakakilanlan natin kay Kristo?

## PRAYER

- Hayaan ang Diyos na siyasatin ang iyong puso kung mayroon mang mga kasalanan na dapat mong talikuran ngayong linggo. Hilingin sa Kanya na bigyan ka ng kakayahan na mamuhay ayon sa katayuan mo kay Kristo.
- Manalangin na ganap kang makapamuhay sa Kanyang kapangyarihan at bagong buhay na bigay Niya sa iyo.
- Manalig sa Diyos para sa kakayahan na mamuhay bilang alipin ng Kanyang katuwiran upang ang iba na hindi pa Siya kilala ay mapalapit sa Kanya sa pamamagitan ng iyong halimbawa.

VICTORY

© 2014 by VICTORY®
All rights reserved.
Permission to photocopy this material is granted for local church use. This is not for sale.
victory.org.ph




FILIPINO **WEEK 2**

# Sa Kanya

## NOTES

## WARM-UP

- Ibahagi ang panahong hindi ka makapag-usap sa kahit sino. Saan ka noon at anong nangyari?
- Kung bibigyan ka ng isang araw na mamuhay bilang isang artista o isang taong iyong tinitingala, sino ang pipiliin mo? Bakit?
- Anong kinagawian mo tuwing umaga ang hindi pwedeng hindi mo gawin? Bakit hindi kumpleto ang araw mo kung wala ito?

## WORD

*[1]Ano ngayon ang masasabi natin? Magpapatuloy ba tayo sa kasalanan para lalong madagdagan ang biyaya ng Diyos sa atin? [2]Aba, hindi maaari! Namatay na tayo sa kasalanan kaya hindi na tayo dapat mamuhay pa rito.*
**ROMA 6:1,2**

---

Nababahala si Apostol Pablo sa maling pagkakaunawa ng mga Kristiyano sa Roma tungkol sa katayuan nila kay Kristo. Kung hindi ito naituwid, baka lumihis sila sa kalooban ng Diyos para sa kanila. Ang pagyakap sa ganap na gawa ni Kristo sa krus ay nagbibigay sa atin ng bagong katayuan kay Jesus—nakikiisa na tayo sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Heto ang tatlong katotohanan na nagpapaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng tayo ay na kay Kristo.

## 1 Patay na sa Kasalanan

*[6]Alam natin na ang dati nating pagkatao ay ipinako na sa krus kasama ni Kristo para mamatay, kaya hindi na tayo dapat alipinin pa ng kasalanan. [7]Sapagkat ang taong patay na ay malaya na sa kasalanan.* **ROMA 6:6,7**

Ang kasalanan ay hindi mabuting amo dahil panandalian lamang ang pakinabang na dala nito at ang hantungan nito ay buhay na malayo sa Diyos. Dahil sa ginawa ni Jesus para sa atin, patay na tayo sa kasalanan. Ang isang patay ay wala ng pakiramdam at hindi na makikisalamuha sa mundo. Ang ibig sabihin ng pagiging patay sa kasalanan ay hindi na tayo magpapatuloy pa rito at wala na itong hawak sa atin. Hindi natin masusupil ang kasalanan nang tayo lang kundi dahil may bago na tayong pagkakakilanlan kay Jesus.
Ano ang bago nating pagkakakilanlan kay Kristo?

## 2 Buhay kay Kristo

*[8]At kung namatay tayong kasama ni Kristo, naniniwala tayong mabubuhay din tayong kasama niya. [9]Sapagkat alam nating si Kristo'y muling nabuhay at hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan.*
**ROMA 6:8,9**

Hindi lang tayo patay sa kasalanan, nakikiisa din tayo sa Kanyang muling pagkabuhay. Nabigyan tayo ng bagong buhay kay Kristo! Ang bagong buhay na ito ay hatid ng iisang kapangyarihan na bumuhay nang muli kay Jesus galing sa kamatayan—ang parehong kapangyarihang tumutulong sa atin na humindi sa kasalanan at mamuhay sa katuwiran. Bakit posible ang bagong buhay para sa mga nananampalataya kay Jesus (Galacia 2:20)?

## 3 Alipin sa Katuwiran

*[18]Pinalaya na kayo sa kasalanan at ngayo'y mga alipin na kayo ng katuwiran. [19]. . . Noong una'y nagpaalipin kayo sa karumihan at kasamaan, at naging masama nga kayo. Ngayon nama'y magpaalipin kayo sa kabutihan para maging banal kayo.*
**ROMA 6:18,19 (BASAHIN DIN ANG ROMA 6:13,14.)**

Dahil patay na tayo sa kasalanan at may bagong buhay na kay Kristo, mayroon na tayong bagong Panginoon. Galing sa pagkaalipin sa kasalanan, ngayon ay alipin na tayo sa katuwiran. Tulad ng masugid nating pagsunod sa kasalanan at kamunduhan noon, ang sinusunod natin ngayon ay ang Diyos at ang Kanyang kalooban. Ano ang kahihinatnan ng pagiging alipin sa katuwiran?